

## The Project Gutenberg eBook of Nasawing Pagasa, by Angel De los Reyes

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Nasawing Pagasa

Author: Angel De los Reyes


Release date: November 15, 2005 [EBook #17070]

Most recently updated: December 12, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza and the Online Distributed Proofreading Team at <https://www.pgdp.net> (This file was made using scans of public domain works from the University of Michigan Digital Libraries.)

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK NASAWING PAGASA \*\*\*



**ANGEL DE LOS REYES**

**KASAYSAYANG TAGALOG**

**¡NASAWING PAGASA!!**

**ITÓ RIN ANG  
NAPALATHALA SA  
PAHAYAGANG  
"ANG DEMOCRACIA"  
NOONG ABRIL ÑG 1910  
NA NILAGDAAN ÑG  
"MULAWIN"**

**NAGKARON ÑG MGA  
PAGBABAGO  
AT INAYOS ANG  
KAMALIAN**

---

## ¡NASAWING PAGASA!

Páhiná 1

### KASAYSAYANG TAGALOG

KASAYSAYANG NAPALATHALA SA PAHAYAGÁNG "ANG DEMOCRACIA" NOÓNG ABRIL ÑG 1910 NA NILAGDAÁN ÑG "MULAWIN". NAGKAROÓN ÑG MGA PAGBÁBAGO AT INAYOS ANG NAGÍNG KAMÁLIAN.

#### SINULAT NI

#### ANGEL DE LOS REYES

KUMATHA ÑG MGA KASAYSAYANG "ANG DIYOSA INÉNG" "¡KRISTONG MAGDARAYA!" "¡IMBING KAPALARAN!" "¡PARUSA ÑG DIYÓS!" "¡HINAGPÍS NI LOLENG!" AT "¡TAYO AY MAMUNDÓK!"

#### MAYNILA, K.P.

#### LIMBAGÁNG "ESFUERZO OBRERO" 1912

---

## LAHAT TUNGKOL PILIPINO

Páhiná 2

AY DAPAT BUMASA ÑG BABASAHING TAGALOG

---

Bahag-hari	ni <i>Gerardo Chanco.</i>
Sa Tabí ñg Banģín	" <i>José Maria Rivera.</i>
Higanti at Pagsisisi	" <i>Honorato H. de Lara.</i>
¡Duwág!	" <i>Gerardo Chanco.</i>
¡Imbing Kapalaran!	" <i>Angel de los Reyes.</i>
¡Halina sa Lanģit!	" <i>Gat-Dusa.</i>
Ang Mananayaw	" <i>Ros. Almario.</i>
¡Tadhana!	" <i>Democrita P. Antonio.</i>
¡Sawíng Pagasa!	" <i>Bb. Francisca Laurel.</i>
Larawan ñg Pagirog	" <i>Simplicio Flores.</i>
¡Waláng Diyós!	" <i>Honorato H. de Lara.</i>
¡Pinatatawad Kita!	" <i>Matanglawin.</i>
¡Parusa ñg Diyós!	" <i>Angel de los Reyes.</i>
Buhay	" <i>Aurelio Tolentino.</i>
¡Enchang!	" <i>Honorato H. de Lara.</i>
¡Kristong Magdaraya!	" <i>Angel de los Reyes.</i>
Panģarap ñg Buhay	" <i>Simplicio Flores.</i>
Mģa Anak-Bukid	" <i>Ros. Almario.</i>

---

**Inyong paghanapin sa mga aklatan**

**at makabibili sa makákayanan**

## TALAN NG NILALAMAN

### MGA PAGUNITA NA DAPAT NUYNUYIN

SA MAGLÍLIWALÍW SA Bayan ñg Antipulo

ANG MGA PUMÁPATÁY SA Kalulwá ñg Bayan

MABUTI KANG TAO NGUNI'T Masama kang

Kristiyano

¿SINO ANG NATUMPÁK? Kayó nga ang humatol


SA KINAÚUKULAN ;Maaliwalas ang daan ko!

PANGUNANG SALITA NI AMADO JACINTO

¡NASAWING PAGASA! Kasaysayang Tagalog

PARAÑGAL SA KUMATHA ÑG ;NASAWING PAGASA!

Páhiná 3



### SA MAGLÍLIWALÍW SA

## Bayan ñg Antipulo

Páhiná 4

Anim na binibini ang nanġakálupasay sa lilim nang isáng puno ñg manggá sa bayang Antipulo nang taóng nagdaan. Pawa siláng magágandá; pawa siláng mahíhinín; ñguni't ang katakátaká, ang apat ay nakátawa at ang dalawá ay nakásimanġot. Sa lihim kong pagsísiasat ay naunawa kong kaya palá gayón, ang apat ay nakápagdalá ñg mġa babasahing Tagalog at ang dalawá ay nakalimot. Walang pagáalinlanġan na yaóng di nakápagbaon ay siyáng nakásimanġot, pagka't wala ñg masaráp na aliwan sa bayan ñg Antipulo na para ñg magbasá ñg aklát. Maligo, pagkatapos ay magduyan, bago magbasá ñg aklát: iyán ang buhay mayaman.

Kaya kayóng maglíliwalíw sa Antipulo, nang huwág kayóng sumimanġot pagdatál doón, ay magbaon kayó ñg *Pinatatawad kitá!*, *Ang Mananayaw*, *Mga Anák Bukid*, *¡Duwág!* *Sa tabi ñg bañgin*, *¡Tadhana!*, *Halina sa Lañgit!*, *¡SAWING PAGASA!*, *Larawan ñg Pagirog*, *Pañgarap ñg Buhay*, *¡Walang Diyos!*, *¡Higanti at Pagsisisi!*, *¡Enchang!*, *¡Kristong Magdaraya!*, *¡Parusa ñg Diyós!*, *¡Imbing Kapalaran!* *Bahág-Hari*, *¡MILAGROS!* at *Lihim na pagluha!* Sa gayón, tanġi sa maálíw ninyó ang inyóng sarili ay makatútulong pa kayó sa masisikap na kawal ñg pagpápalaganap ñg wikang minana natin.

Páhiná 5

### ANG MGA PUMÁPATÁY SA

## Kalulwá ñg Bayan

Masaráp ang wikang Inggles, ang turing ñg Inggles; lalo na ang wikang Kastila, ang saló ñg Kastila; lalo pa ang wikang Pransés, ang habol ñg Pransés, palibhasa'y para-para siláng may

damdamin at marunong magmahál sa m̃ga kalulwá ñg kaníkaniláng bayan, na alinsunod sa m̃ga pantás na sínásamba ñg marami, ang wika, ay siyáng kalulwá ñg bayan.

Ñguni't ... sa bibíg ñg ilang m̃ga Tagalog, ay hindi ganitó ang namúmutawi. ¡Katiwaliang lahát at balót ñg m̃ga kahanġalán ang lumálabás! Pawáng kapalaluan na anyá'y masaráp ang wikang Kastila at Ingglés kay sa wikang Tagalog kaya't ni di ko tinitisod ang m̃ga katha dito, ñguni't masdán mo ang aking m̃ga nobelang Ingglés at Kastila ay hindi na mabilang.

Iyán ang m̃ga kaaway ñg bayan; pagka't silá ang pumápatáy sa kalulwá nitó. Dahil sa kayabangang masabing sila'y nakaiintindí ñg wikang dayo, ay ipinagpápalít na, ang kaniláng danġál....

¡M̃ga kamánunulát! ¡Kahabághabág ang ating katayuan! ¡Sa lahát ñg sandali'y nakaumang sa ating m̃ga ulo ang tabák ni Damokles; nanunuláy tayo sa panġanib na guhit ñg m̃ga batás; kalaban natin ang m̃ga dayuhan at sampu ñg kalahi, ay kalaban pa rín!...

Páhiná 6

## MABUTI KANG TAO NGUNI'T

### Masama kang Kristiyano

—¿Bakit?

—¡Mangyari ay umáasa ka sa panghíhirám ñg bagong aklát! *Mabuti kang tao*, pagka't nabasa mo na halos lahát ñg nobela sa kahíhirám, ñguni't *masama kang kristiyano*, pagka't pinápatáy mo ang m̃ga kumatha at nagpalimbág at ayaw kang bumilí ñg iyó, gayóng pinagkagastahán nilá. ¿Saán mabubuhay ang kuto, kung hindi sa ulo?

—¡Kung ayaw kang magpahirám ay huwág! ¡Kay dami mong rekubeko! ¡Pag ikáw namán ang nanghirám sa akin, ay tatawagin kitá ñg TUSO, pagka't para mo ríng tinuso ang kuwartang ibinilí ko, na nabasa mo ang aking binayaran ñg di ka nagkagastá!...

Ganyán ang taltalan ñg dalawáng magkaibigan, kaya't ikáw na bumábasa, upang huwág tawaging TUSO ó MASAMANG KRISTIYANO, ay bumilí ká ñg m̃ga kasaysayang: "¡HALINA SA LAŃGIT!" ni *Gat-Dusa*; "¡SAWÍNG PAGASA!" ni *Bb. Francisca Laurel*; "¡DUWAG!" ni *Gerardo Chanco*; "LARAWAN ŃG PAGIROG" ni *Simplicio Flores*; "SA TABI ŃG BAŃGIN" ni *José María Rivera*; "¡IMBING KAPALARAN!" ni *Angel de los Reyes*; "TADHANA!" ni *Democrita P. Antonio*; "¡WALANG DIYÓS!" ni *Honorato de Lara*; "¡PARUSA ŃG DIYÓS!" ni *Angel de los Reyes*; "MGA ANAK-BUKID" ni *Ros. Almario*; "PAŃGARAP ŃG BUHAY" ni *Simplicio Flores*; "¡ENCHANG!" ni *Honorato de Lara*; at "¡KRISTONG MAGDARAYA!" ni *Angel de los Reyes*.

Páhiná 7

## ¿SINO ANG NATUMPÁK?

### Kayó nga ang humatol

Si Petra at si Petring ay magkapatíd. Minsáng nalálapít ang Paskó, ay binigyán silá ñg kaniláng amá ñg muntíng halagá upang magugol sa dakilang araw. Si Petra ay ibinilí ang kanyáng bahagi ñg isáng hikaw, at si Petring ay pawang babasahing tagalog ang pinakyáw.

Dumatál ang araw ñg paskó, at gaya ñg karaniwan, ay nagdalawán ang dating magkákaulayaw. Sa dampa ñg magkapatíd ay mayroón díng m̃ga panauhin. At ¿anó ang naisalubong ni Petra? ¿Naipagparanġalan bá ang kanyáng hikaw? ¡Hindi! Subali't si Petring ay naipagmalakí niyá ang kanyáng m̃ga aklát at tanġing nakápagsabing "Mamiyang hapon na kayó umuwi at tayo ay magbasá nitóng masasaráp na kasaysayang bagong labás ..."

Kayóng bumabasa nitó, ay inyóng hatulan kung sino ang natumpák: ang hiyás na nagagamit ñg isáng tao lamang ó ang aklát na pakíkinabanġan ñg marami ang lalong mahalagá, Kaunting pagkukuro ang inyóng papaghariin. Tutupín ninyó ang inyóng m̃ga puso at siyáng magsasabing: mahalagáng pagaari ang m̃ga aklat kay sa hiyás na nawawala.

Sa tahanan ñg isáng matalino, ay aklát ang matátagpuan; ñguni't sa tahanan ñg isáng mangmáng ay pawáng hiyás ang palamuti. Dahil doo'y magipon kayó ñg m̃ga babasahing tagalog upang mapabilang kayó sa m̃ga pantás.

Páhiná 8

## SA KINAÚUKULAN

### ¡Maaliwalas ang daan ko!

Suriin natin ang ugali ñg umanó'y m̃ga bantóg at pahám na manúnulát. Ayaw siláng makariníg na mayroóng makata; ayáw siláng makakita na mayroong bagong kasaysayan, at

pauulanin na nilá ang pula, lubha pa't isáng maliit ang sumulat. Sasabihing iyán ay mali, walang kabuluhan; at sayang lamang ang ipinagpalimbág. Palalo at panğahás ang gumawa niyán, huwág na di masabing siyá ay *autor*.

¡Kaawaawang mğa manúnulat!

¡At silá daw ay mğa kawal sa pagpápalaganap nğ wikang tagalog! Kung sa habang panahón ay ganyán ang aasalin nilá, ay sumpa nğ bayan ang kaniláng maántay. Sa kaniláng pakikipagkapwa ay doon lamang uusbóng ang pagmámalasakitan nğ mğa makatang pilipino, na, tanğing daan nğ ikátatanyág nğ masaráp na wika ni Balagtás.

Kung sa akin silá hahadláng ay itutulak ko silá nğ dalawáng kamáy at bubulyawán kong: ¡Maaliwalas ang daan ko! ¡Nakikita ko ang aking nilálakaran! ¡Tanglawán ninyó ang inyóng landasin at di ko kailanğan ang inyóng ilaw! ¡Manipís mán ang aming mğa katha ay piniga namáng tunay sa aming sariling isipan at di naming ninakaw sa isipan nğ mğa makatang kastila, ingglés, pransés, at ibá pá! ¡Mura mán ang aming mğa aklát ay madali namáng maubos at di ináamag sa mğa aklatan!

Páhiná 9



## PANGUNANG SALITA

Páhiná 11

Ang munti kong kaya at maiklín pagkukuro ay minarapat nğ mahál kong kaibigang Angel de los Reyes na magbigáy nğ *Pangunang Salita* dito, sa kanyáng bagong aklát na maliit, na noóng araw ay napalathala na sa páhayagang "ANG DEMOCRACIA;" at kung bagamán tinawag ko nğayon nğ *bagong aklát* ay sapagka't nğayón lamang naipalimbág at di na paputól-putól.

Walang alinlanğan akóng nayag sa hilíng nğ aking kaibigan, nanğiti ako nğ lihim nğ ito'y sabihin niyá, at naibulong ko sa sarili na siya'y sadyang matalino sapagka't totoóng maalám na magbagay-bagay: nababatid niyáng sa isáng maiklín aklát, ay isá namáng maiklín isip na lamang ang dapat mag-ukol nğ mğa palagay at paghahaka. At dahil diyán, ay sisimulán ko ayon sa makákaya, ang paglalalahad nğ aywán kung tumpák na aking mğa pagkukuro tungkól sa kanyang katháng itó.

Sa ganáng akin, ang mátutunghayán nğayón nğ mğa mambabasa ay isáng aklát na mainam, isang aklát na dapat bigyán nğ papuri, hindi dahil sa itó'y nakáwiwili lamang basahin kundi alang-alang pá sa wagás at maníngnín na damdamin nğ kumatha: ang maalab niyáng nasang ang dukha ay igalang at masugpu ang ugaling hanggáng nğayon ay umiiral pa sa ibá, at kung minsán ay sa dukha rín, na inuuna ang salapi bago ang lahát; minámahál na higít sa puri, sa danğal, sa katungkulan at wastong ugali.

Páhiná 12

Ganyáng-ganyán ang asal na makikita natin sa mag-amá ni Tuníng sa Kasaysayang itó, na bagamán mahirap ang búhay, nang mahulí ay ayaw na silá sa kapwa nilá mahirap at ang ibig ay ang mayaman, dahil sa may nakápanğibig lamang na isang masalapi kay Tuníng at ito'y si Ruperto. At ang kasuklám-suklám na nagíng bunğa nğ kasabikáng itó sa pilak ay ang pagkatapon nğ anak ni Osong, ang binatang unang inibig ni Tuníng, pinaglagakan nğ boo niyáng pagkábabai at hanggáng sa nagbunğa pa nğa. Datapwa't kay Tuníng, ay nagíng bula ang salitang *puri* at *katapatan* sa harap nğ yaman ni Ruperto, kayá't dito siyá napakasál sa wakás, gayóng si Osong ay di namán tumatanggi sa pagtupád nğ kanyáng tapát na panğakó at wagás ná pagibig.

Si Osong na parang sinasakal nğ mğa daliring bakal ay hindi nakatiis at nang araw nğ pagkakasál ay nagdamít-pulubing naparoón sa bahay nğ kasayahan nilá Tuníng at ni Ruperto na dalá ang larawan nğ kanyáng bunsóng na sagíp sá ilog, at nang makita ni Tuníng na yaón ang kanyáng anak ay hinimatáy na bigla, bago humingí nğ tawad kay Osong at hanggáng sa nalagót

Páhiná 13

ang hiniñgá. Samakatwíd ay oo't nagsisi nḡa si Tuníng kayá't humiñgí pa nḡ tawad sa pinagtaksilán niyáng binata, subali't dí dahil dito'y hindi siyá matatawag na babaing salawahan at tampalasan lalo pa't isasagunita ang pagkákatapon sa tunay na dugó nḡ kanyáng pusó.

Kung ang gayóng ginawá nḡ babaing ito'y oo't napatatawád nḡ Diyós, sa mḡa tagá-lupa'y waláng makapagpapatawad marahil.

Sa haráp nḡ ganyáng paglalarawan nḡ kaibigan ko, ay labis niyáng ipinakilala ang lubós na kabagsikán nḡ salapí na waláng dí naituturó sa tao, pati nḡ lalóng kasamasamaan.

Subali't ḡang hanḡád kayá nḡ mahál kong kaibigan sa paglalarawang itó nḡ nakáririmarim na ugali ay upang pulutin namán itó nḡ mḡa mambabasa?

Kayóng tumútungháy nḡayón ang makásasagót, at kayó rin namán ang dapat makábatid sa túnay na layon nḡ ¡NASAWING PAGASA!

Gayon man ay sasagot din ako nḡ para sa akin.

Ang mithí nḡ aklát na itó ay walá nḡáng ibá sa warí ko, kundí ang turuan ang mḡa dukhá sa pagpapakáranḡal sa kaniláng sarili, sapagkát kung ang mḡa dukhá'y maranḡál, kung ang lahát nḡ dukha'y hindi nagbibili nḡ puri ni napaaalipin sa salapí, ang mḡa mayáyaman ay hindi maaaring magpákatayog-tayog na para nḡ madalás nating mapánoód nḡayón.

Páhiná 14


Ang isinasamá nḡ mḡa mayayaman ay na sa mahihirap, at ang isinasamá nḡ isáng pamahaláan ay na sa pinamamahaláan dín. Iyán ang mḡa katótohanang kailán má'y dí magkakabula at dapat dasalín nḡ bawá't tao; katótohanang aywán kung kanino ko unang nadiníg o nabasa at nḡayo'y inankín ko na tulóy pagka't nakilala kong tapát.

Kayá nḡa, mḡa mambabasa, upang makinabang ang kumathá nitóng ¡NASAWING PAGASA! sa kanyang mḡa ginugol na pagod sa pagsulat nḡ kasaysayang itó ay pagaralan sana ang huwág magbilí nḡ puri at isagunitang *na sa kupurihán ang tunay na halagá nḡ tao at wala sa kayamanan.*

Kung magkakagayón, siyá at akó'y maghahandóg sa inyó nḡ masaganang pasalamat, palibhasá'y siyáng túnay na adhiká nḡ tapát kong katoto.

*Amado Jacinto.*

Malabón, Rizal, 1912.



Páhiná 15

*Dahil sa kagahulán sa panahón  
at dahil sa kakulaḡan pa sa  
nḡayón nḡ mḡa gagamitin,  
ay hindi nasunód ang mḡa  
tuldík na nasa orihinál.*

Páhiná 16



Páhiná 17

**¡Nasawing Pagasa!**

Mapangláv ang lahát, ang gabí'y tahimik  
at ang buwán noóng dapat nang sumilip,  
nagtatago pa ri't  
sa sangkatauhan ay nagmámasunġit  
bitui'y gayón dín at nakíkiwanġis.

Ni isáng himutók walang mapakinggáng  
sukat gumambala sa katahimikan;  
ġoh, ang aking lahi!...  
payapangpayapa sa kanyáng hihigán  
habang nawiwili ang mġa kalaban.

Huni nġ kuliglíg, tinig mán nġ ibon  
ay kapanglawan dín, dinadalit noón;  
mġa makata mán,  
siyáng tinutula nġ sandalíng yaón  
ang sunġit nġ pangláv, lagáy nġ panahón.

Anó pa't ang lahát ay yapús nġ lumbáy  
hihip mán nġ hanġin, mandi'y palaypalay;  
habagat má'y salát  
at pawáng dalita, ang balitang tagláy  
na kung pakikinggán ay taghóy na ġay!... ġay!...

Subali't sa isáng maralítang dampa  
sa bayang Malabóng saksí nġ pagtula:  
nagáalimpuyó,  
ang lugód, ang sayá, ang galák, ang tuwa  
sa piling nġa noóng dalawáng nunumpa.

Itó ay si Tuníng na piling alindóg  
kapiling nġ kanyáng tanġíng inírog,  
panġala'y si Osong  
na lipi nġ dukha't di lahing matayog  
at binatang Udyóng na ulilang lubós.

Payapa nġa silá, sa pagkákaupo  
siyáng ináani; galák nġ pagsuyo,  
pinagúusapan,  
ang ikáarangál nġ kaniláng puso  
na ganitóng saád nang minsáng mahinto:

«Kay damot mo namán,» kay Osong na sabi,  
«isáng halík lamang, itulot mo kasi,  
nang ako'y maalíw  
at nang magkaroón nġ isá pang saksí!...»  
«ġAyáw ko! ġayáw ko!...» kay Tuníng na tangġí.

«ġHalina irog ko!» «ġAyaw ko! ġayaw ko!...»  
«ġDiyata't ayaw ka?» «ġTalagáng totoó!»  
«ġHalina! ġhalina!  
ġisáng halík lamang!...» «ġKay ulitulit mo!»  
«ġIsáng halík lamang!...» «ġTawad ko sa iyó!»

«ġAh! at iyán bagá, ang lagi mong turing  
na lubháng dalisay pagibig sa akin ...  
ġIkáw ang bahala!...  
kung natuto akóng sa iyó'y gumiliw  
magisá sa dusa'y matútutuhan din ...»

«ġNagtampó na namán!...» «ġSino bagáng puso  
ang makababatá nġ asal mong liko?»  
«ġHuwag kang magalit!  
ang ginagawa ko, ay mġa pagsuyo ...»  
«Pagsuyo sa iyó; sa aki'y panghapo ...»

Ikáw ang bahala, ako'y mapagtiís  
at ipatay mo mán ang lahát nġ sákit  
ay tatanggapín ko;  
nġuni't ang hiyain, ang isáng ninibig  
libong kamataya'y labis pa nġ tamís ...»

«ġHiniya ba kitá? ġDi ko ginagawa!...»  
«ġGinaganáp nġayó'y di bagá paghiya?»

«Hindi, aking giliw,  
at ang aking puri ang nagugunita  
na baka kung ...» «¿Kulang bang tiwala?»


«Di lamang sa gayón,» «¿Sa anó pang bagay?»  
«Katungkulan naming maginġat na túnay,  
at ang unang halík,  
ang katimbang noó'y sampu nitóng buhay  
sa pagka't daig pa, ang gawáng pakasál.

¿Hindi bagá Osong?» «Tapát ang turing mo,  
at ang pagkakasál ay pakitang tao;  
subali't ang halík,  
saksíng akin ikáw, at akó ay iyó,  
kaya itulot na; halina irog ko ...»

Iláng pang «¡Ayaw ko!» at iláng «¡Halina!»  
bago pinagusap ang labing dalawá;  
tumunóg ang halík;  
nilimot na yatang silá'y may hiniñgá  
na dapat malagót sa daratning dusa.

Hayán nġa ang tuwang naġhari sa puso  
nġ dalawáng yaóng isá sa pagsuyo,  
kaya ang paalam  
nġ ating binatang anaki ay biro:  
«¡Sarili na kitá, búhay má'y mapugto!...»

Páhiná 20



Páhiná 21

## II

Nang isáng umaga'y sa pangpang nġ ilog  
ay may nakaupóng binatang malungkót:  
itó ay si Osong;  
kanyáng inaalíw ang dusa nġ loób  
sa pagkákawalay kay Tuníng na irog.

At ang naglalaro sa kanyáng isipa'y  
ang dilág ni Tuníng na gayón na lamang,  
minsáng mapadagok;  
minsáng mapanġiti at ipinagsaysay:  
«¡Oh, anóng gandá mó, aking paraluman!...»

Subali't nabigláng nabakás ang lungkót  
sa masayang mukháng nagulap nġ lubós:  
«¡Ay, palad na sawi!...  
¡Oh, buhay nġ dukha!...» sunód na himutók,  
«sa dusa ni Tuníng, ikáw ang managot ...

Kung akó'y mayama't sagana sa pilak  
tatanuran siyá sa baníg nġ hirap,  
hanggáng sa sumilang  
nġ lubháng hinahon ang unang bulaklák  
nġ aming pagsintáng dalisay at wagás....

¡Ay, Tuníng kong irog, di ko kasalanan  
na sa iyóng dusa'y di ka madamayan;  
ang karukhaan ko,  
ang dapat sisihi't dapat managutan



at oh, anóng sakláp, dustáng kapalaran ...»

Páhiná 22

Sandalíng tumigil at kanyáng námalas  
ang dalawáng ibong naba sa bayabas,  
na sabáy umawit;  
yaóng kanyáng dibdib ay halos mawalat  
sa pananaghili sa ibong mapalad.

Saká nang magsiping ñ lubháng payapa  
mḡa titig niyá'y di tumagál yata't  
mulíng naghinagpís:  
«Mapalad pa siláng may ganáp na laya  
at hindi gaya kong may sumásansala ...

At kahi't mán silá'y walang pagaari  
ginapas namá'y pawáng luwalhati;  
dí gaya ñ taong  
ang binabaníg má'y maraming salapi  
ay lumuluha rin ñ dusa't pighati.

At ¿anó ang yamang sadyang hinahanap  
sa akin ñ amá ni Tuníng kong liyág?  
¿isáng talinhaga!  
at di niya talos: sa Sangmaliwanag  
ang puri ñ tao, ang mahál sa lahát.

Hangád niya'y pilak, kahi't manḡulimlim  
ang danḡál ni Tuníng na sinta ko't giliw;  
wala sa gunitang  
lalong mahalagá sa yaman mang alín  
ang danḡál ñ tao kung lubháng maningning.

¿Oh, taksíl na pita sa danḡál at yaman,  
ang nililikha mo'y laksang kamatayan;  
kung hindi sa iyó,  
disi'y kapiling ko si Tuníng ñ buhay  
at kasalosaló sa pinggán ñ lumbay!...

¿Oh, buhay ñ buhay, Tuníng ko at lugód...  
na sa karukhaan, ang sukal ñ loób  
na ating sinapit;  
libong kamataya'y masaráp pa irog  
huwág lang mariníg ang iyóng himutók!...

Páhiná 23

Palasóng may lason ang nakákaanyo  
ñ dusang sa dibdib ñḡayó'y pumapako,  
tuwing mabúbuklát  
sa aklát ñ isip ang pagkasiphayo  
ñ banál na layong núnukál sa puso.

At magmulá rito'y aking nakikita  
sa baníg ñ hirap ay nagiisa ka;  
waláng dumadamay,  
at kung pumapasok ang mahál mong amá  
sa iyóng pagdaíng ang tumbás ay mura.

Naririníg ko ring kanyáng inuulit  
ang pagalipusta sa palad kong amís:  
¿sa aba ñ dukha!...  
at nananariwa sa puso ko't dibdíb  
ang pagtabóy niyáng kapaita'y labis.

At námamalas ko, ang lubháng masakláp,  
luhang mapapaít sa matá mo liyág,  
di anóng gagawín  
sa itó ay utos ñ masamáng palad  
pawang pagtitiis ang gawíng kalasag.

Ibalita lamang sa tapát mong giliw  
kung makaraan ká, sa gabíng madilím,  
upang matalós ko  
kung ano ang bunḡa ñ pagsinta natin  
at kahi't malayo'y kapalaran ko rin.

At kung napapako ikaw sa dalita  
higit pa sa riyan, itong umaaba  
sa tapat kong puso,

Páhiná 24

at ang bawa't patak n̄g perlas mong luha  
ay timbang n̄g buhay kung manaw sa lupa.

Dito napahinto't kanyang napanood  
yaong isang kaban na tanḡay n̄g agos,  
at pinagsikapang  
iyahon sa pangpang n̄g upang matalos  
na baka may lihim doong natutulos.

At ḡoh, anong gitla nang kanyang mamasdan  
na bangkay n̄g isáng bagong kasisilang!...  
tumanḡis ang puso;  
nagluksa ang dibdib at ipinagsaysay  
na: «ḡBaka n̄ga itó, ang anak kong hirang!»

Kanyang ikinubli doon sa pangpanḡin,  
pumasok n̄g bayang may inḡat na lihim  
at nakibalita;  
sa tinanongtanong ay kanyang nalining  
na ḡitinapon n̄ga ang anak ni Tuning!...

Lalong nagibayo, lagablab n̄g poot,  
ang daing at sumpa'y di malagotlagot  
«ḡInang walang puso,  
Tuning na nagtaksil sa anak n̄g irog  
dapat kang mamatay, dapat kang matapos!

Diyata't masarap sa puso'y matamis  
anak mo'y pataying sa ilog ihagis,  
maturan na lamang  
ikaw ay dalagang may puring malinis,  
nang upang giliwin n̄g bagong ninibig.....

ḡOh, taksil na sinta! ḡpusong magdaraya!  
ḡoh, hanḡad sa yaman! ḡinang walang awa!  
pananagutan mo,  
sa harap n̄g Diyos ang masamang gawa't  
may araw din naman kaming mabababa!....»

At kanyang hinagkan ang bangkay n̄g bunso  
kasunod ang patak n̄g luhang natulo,  
«ḡOh, sawi kong supling!....  
ḡdi ko kasalanan ang pagkasiphayo  
managot ang iyong inang walang puso!...»

At kanyang kinalong n̄g hanggang sa bayan  
upang ipakuha n̄g isang larawan;  
subali't ang loob  
ay di mapanatag kahi't bahagya man;  
ang daing at sumpa'y walang katapusan....



### III

Sa ilog ding yaon na kinasagipan  
ni Osong n̄g kanyang bunsong minamahal,  
ang magamang Tuning

minsán ay nagaliw sa masayang pangpang  
na siyang sumaksi sa lihim ng buhay.

«Talusin mo irog» ang turing ng ama,  
«sa panukala ko, kung hindi nayag ka,  
disin hanggang ngayo'y  
lumalagok ka pa ng luha ng dusa  
at di lumalasp ng mga ginhawa.

¿At di mo ba tantong sa buhay na ito:  
salapi, salapi, ang Diyos ng tao?

¿Bakit ka iibig  
sa hanġal na Osong na dukhang totoó  
gayong may mayamang iirog sa iyó?»

«¡Ama ko! ¡ama ko!» ang saad ni Tuning,  
«¡kay inam nga pala ng inisip natin!  
salamat Diyos ko  
at ang mayayamang ninibig sa akin  
ay hindi natalos ang nangyaring lihim ...»

«¡Talaga! ¡talaga» ang sa amang tugon,  
«daig ang nagtiyap ng pagkakataon,  
¿at aling panġahas  
dilang sinunġaling magsasabi ngayong  
ikaw ay naglaho sa tangkay kahapon?

Para din ng dati ang tindig mo't bikas,  
katutubong ganda'y lalo pang tumingkad;  
pagmasdan mo iyang  
halamang nilikha ng Hari ng lahat,  
pawang yumuyuko sa taglay mong dilag.

Sa mabining agos ikaw ay makinig  
may ibinubulong na masayang awit,  
saksi ng paghanġa  
sa iyong himalang inimbot na dikit  
na waring pinilas sa ganda ng lanġit.

Nguni't janong saklap sa puso ko't buhay  
ang kataasan mo kung iyaagapay  
sa piling ni Osong!  
¡masarap pang ako ay magpatiwakal!  
¡oh, Tuning! ¡oh, Tuning!» at siya'y papanaw.

Pinigil ng bunso: «Amang pinopoon,  
ako'y kaayon mo sa dakilang layon,  
at isinusumpang  
lilimutin ko na ang hanġal na Osong  
at ako'y dalaga na naman sa ngayon ...»

Sila ay nagyakap at siyang tumunong  
ang halik ng ama, at halik ng irog;  
sigabo ng tuwa  
ay hindi magkasyang sa puso manulos  
kaya't napatabi, ang panglaw, ang lungkot ...

¡Saka magkaakbay silang nagsilakad  
sa dukhang tahana'y nagtuloy umakyat;  
mahiwigang ilog  
na nilisan nila'y bago humalakhak  
na waring inuyam ang nangyaring usap.

Páhiná 27



Páhiná 28

#### IV

Bagong namimitak sa kasilanġanan  
liwayway ng araw, batbat ng katwaan,  
yaong mga ama  
nagsisikilos na't nanġagtutulinan

sa pagtuklas noong pangtawid sa buhay.

Sa gitna n̄g parang namá'y namukadkad  
ang hinirang ban̄gong magandang bulaklak  
at isinusuob

sa gintong liwayway n̄g bagong ninikat  
nagsasayang araw sa bayan kong liyag.

Ang napanaginip n̄g m̄ga bayani  
na tadhanang araw sa lahi kong api,  
wari'y sumisilang  
n̄g sandaling yaong lahat ay nagwagi  
at pawang naawit n̄g m̄ga pagkasi.

Sampung m̄ga ibong payapang magdamág  
ay iniyunat na ang kaniláng pakpák;  
sandaling dumalit  
bilang isang bati sa nagharíng galák  
na sinasayawan n̄g palundaglundag.

Tinig n̄g batin̄gaw ay sa Konsepsiyón  
noó'y nagbalita na may kasal doón;  
sa bibig n̄g madla  
narinig n̄g lahat ang kasál na yaón  
di iba't kay Tuníng na lan̄git ni Osong.

N̄guni't ¿sino kaya ang lubhang mapalad  
na makikisumpa sa dambanang harap?  
at ¿si Osong kaya?  
¡oh, hinding hindi n̄ga't isang taong pantas  
na kinasilawan sa bunton n̄g pilak!...

Ito'y si Ruperto na tukod n̄g yaman  
kung kaya nasilaw si Tuning na hirang;  
kanyang kinalakal  
pagibig at buhay; puri at katawan  
na sampu n̄g ama'y nakiayon naman.

Wala n̄ga sa isip n̄g sandaling yaon  
ang pinan̄gakuang binatang si Osong  
at kahi't bahagya  
wala sa gunita ang nasawing sanggol  
na tunay mang anak ay ipinatapon.

¡Inang walang awa, pusong salawahan  
sa tunay mong supling di ka na nahambal!.....  
¡m̄ga kulang palad!...  
¡oh ang nililikha niyang kayamanan!  
at ¡oh, ang babai, kung siyang masilaw!...

Huwag nang lin̄guni't bayaang tuman̄gis  
ang pusong dinaya n̄g *Oong* matamis,  
mahalin mo lamang  
ang naging bulaklak n̄g iyong pagibig  
at dakila ka rin sa matang nagmasid.

Sa pagka't ang inang walang pagmamahal  
sa tunay na supling na sa puso'y nukal,  
daig pa ang hayop,  
na lubhang malupit, marun̄gis ang asal  
n̄guni't kung sa anák ay handog ang buhay.

At makalilibong masarap sa malas  
ang isang dalagang sa tangkay nagulap  
di gaya n̄g isáng  
babaing magtapon sa ilog n̄g anak  
bukod sa may dun̄gis, sumpaang n̄g lahat ...

Subali't ang lahat, di man sumagimsim  
sa diwa at puso n̄g magandang Tuning,  
natan̄ging nagdiwang  
sa kanyang isipang naglayag sa aliw  
na «siya'y yayaman kay Rupertong piling.»

Sampu ni Ruperto'y di kaya ang lugod  
sa pagka't kakamtan ang aliw n̄g loob;  
boong pananalig:

ang kanyang si Tuning ay piling alindog  
at wala pang dunġis sa nġalang pagirog.

Kapwa may ligaya ang magkasingpalad;  
dalaga'y sa kintab at tunog nġ pilak,  
at ang isa nama'y  
sa boong pagasang ang ligayang hanġad,  
sarilingsarili't ang pagsinta'y tapat ...

Kasiyahang lubos ang siyang umawit  
sa puso nġa nilang hindi matahimik;  
sa boong lansanġan,  
pinahanġa nila, bawa't makamasid  
nġ pagtatagumpay noong si pagibig.

Kapag salapi nġa ang siyang nagutos  
ay payayanigin itong sangsinukob,  
at sa pagka't kasal  
nġ isang Rupertong sa yaman ay bantog  
kung kaya ang handa'y di masayodsayod.

Papanhikang bahay ay sakdal nġ dilag  
at sa palamuti'y natatanġing agad;  
palibhasa'y yaman,  
ang siyang naghari, ang siyang nagatas  
kaya nagigitle panauhing lahat.

Lalo nġ dumating yaong bagong kasal  
hiyas na ginamit sa yaman ay sakdal;  
«¡Maligayang bati!»  
salubong nġ lahat nġ sa puso'y nukal  
bago nagsidulog sa isang agahan.

Sa pagsalosalo ay nakikisaliw  
tinig nġ musikong gumagara mandin  
sa mġa bulaklak,  
nġ bayang Malabong noo'y nagliwaliw  
na wari'y nagtipang magsabog nġ aliw.

At naging parayso nġ ligaya't lugod  
pagsasalong yaon nġ mġa alindog;  
na sinamantala  
noong makikisig pusong umiirog  
mġa paroparong mababa't matayog.

Ang maamong titig, ang mariing sulyap,  
panibughong nġiti, kilos na banayad,  
nġ sandaling yaon  
wari'y umuulang palasong matalas  
na di sumasala sa puso nġ liyag.

Anhin mang lasapin ang mayamang handa  
di gaya nġ dilag nġ mġa hiwaga;  
iyang mapamihag  
kaligaligayang maningning na tala  
sa lanġit nġ bayang luoy sa pagluha.

Lalo na ang dikit nġ magandang Tuning  
namamaibabaw sa madlang kapiling,  
at nakikibagay  
sa kislap nġ hiyas na lubhang maningning  
kaya si Ruperto'y nagmamalaki rin.

At halos ang puso sa tuwa'y umidlip  
at busog na busog kanyang mġa titig,  
ni ang panauhin,  
sampung kinakain ay wala sa isip  
at walang nalabi kundi ang pagibig,

Hanggang sa matapos, agahang masarap  
ay walang naghari kundi pawang galak  
at sila'y pumasok;  
ang isang matanda sa lupa'y tumawag:  
«¡Sa isang naaba'y magdamot nġ habag!...»

Ang ama ni Tuning pagdaka'y nagnġitnġit  
«¡Palayasin ninyo, matandang marunġis,

nang di mangrimarim,  
m̃ga panauhin sadyang nakisanib  
sa kaligayahan na dulot ñg langit!...»

Tugon ñg matanda: «Kung ako'y mayaman  
ay hindi ganito yaring kalagayan,  
gulanit na damit  
di ko isusuot: ako'y masusuklam  
ñguni't pagka't wala'y inyong pagtiisan.

At kung kaya lamang ako'y naparito  
iyang bagong kasal ay babatiin ko  
naging sumbat nama'y  
«¡Huwag kang umakyat at maraming tao  
na nakahihiya ang abang lagay mo!....»

«Di ikahihiya aking kasalatan  
huwag lang sabihin na sakim sa yaman  
sa pagka't ang dukha  
ay di alañganin sa harap nino man  
at isa ring anak ñg poong Maykapal.

At sa mundo'y walang nalalagdang batas  
sadyang nagbabawal sa pakikiharap,  
ñg isang timawa't  
kung ipañgiñgimi ang mukhang mahirap  
ang sabik sa yama'y lalong nararapat.

Kaya itulot nang ako'y makapasok  
maligayang bati'y aking ihahandog  
sa m̃ga mapalad,  
ñgayo'y nagsisumpa sa harap ñg Diyos ...»  
«¡Tuloy na ñga kayo!...» maasim na alok.

Baga man masaklap sa puso at dibdib  
doo'y patuluyin, matandang maruñgis,  
ang ama ni Tuning  
ay namayapa na't nakiayong tikis  
pagka't sumusugat ang bawa't isulit.

Ipinañgañgambang baka pa lumala  
pagbabañgon puri ñg abang matanda  
na di dumadaplis  
ang bawa't ituring sadyang tumatama  
sa ama ni Tuning, sa mayamang mukha.

Kaya't ang matanda nang di tumitinag  
sa pagkakatayo'y nilapitan agad;  
«Tayo na po kayo;  
magtuloy po sila't kusang makigalak  
sa dakilang araw ñg pagisang palad....»

At nagtuloy na ñga ñg puspos na galang  
yaong bagong kasal, minatamataan;  
mana'y may dinukot,  
sa loob ñg damit na isang larawan  
at anya'y «¡Oh, Tuning, tanggapin mo laman!..»

Pagdaka kay Tuning, pumulas ang luha,  
mukha ay naglaho, nagapos ang dila;  
si Ruperto nama'y  
di rin nakakibo at napipi rin ñga  
at ang kaiñgaya'y biglang namayapa.

Ñguni't ang matandang ama ñg babai  
ay naglakas loob at ipinagsabi:  
«¿Ano po ang dala  
at isang larawan ñg batang lalaki  
na siyang sa lahat ay nakapipipi?»

Tugon ñg pulubi'y «Inyo pong kilanlin  
at ito ay isang kamaganak mo rin ...»  
yaong bagong kasal,  
di na nakabata't inagaw nang tambing;  
«¡Ito ang anak ko, at tunay na supling!...»

Tuloy hinimatay; luhang mapapait

ang sa kanyang pisinĝi, pagdaka'y dumilig;  
lahat ay nagulo't  
nang mahimasmasan, mata'y itinirik:  
«¡Patawad Osong ko, sa nagawang lihis!...

Sa laot nĝ dusa, ako'y ipinadpad  
nĝ lubhang marunĝis at masamang palad;  
nagtaksil nĝa ako't  
inang nagmalupit sa tunay na anak  
subalit sa nĝayo'y ¡¡patawad!! ¡¡patawad!!»

At untiunti nang, nalagot ang hinĝa  
at noong maburool sumugod ang ama:  
«¡Ikaw na panĝahas,  
pulubing naghayag nĝ lihim at dusa  
dapat kang mamatay! ¡uutasin kita!...»

Nĝuni't ang pulubi'y umurong sandali;  
hinubad ang damit at noon nawari,  
na siya'y si Osong  
¡laking pagkamangha; lahat ay nanĝimi  
at yaon ang giliw nĝ babaing sawi!

«¡Ikaw na matanda na sakim sa yaman,  
uhaw sa tungkulin at sabik sa danĝal,  
na nanĝanĝalakal  
nĝ puri nĝ supling ang dapat mamatay  
at di akong dukhang inyong inagawan!...»

At saka umakmang tarakan ang puso  
noong lilong amang masakim sa ginto;  
subali't ang lahat  
pagdaka'y umawat, pagdaka'y bumuno  
hanggang maibaba't naglapat nĝ pinto.

Nĝuni't ¿si Ruperto'y saan naparoon?  
at ¿bakit nawala sa sakunang yaon?  
¡walang makaalam!  
palibhasa'y lihim na tumakas doong  
umilag marahil sa nĝitnĝit ni Osong.

At doon natapos yaong kaguluhan  
na noong umaga'y isang kasayahan;  
sa bibig nĝ madla,  
pagpuri't pagkutya, pagbunyi't paguyam  
ang namumulaklak na lipatlipatan.

Hanggang sa lansanĝan, noo'y sumabog na  
balitang masaklap, mapait na bunĝa  
nĝ hanĝad sa yaman;  
ibang makamatyag lihim na tatawa  
